**USDA**

**United States Department of Agriculture**

# Checklist para sa Pagsasanay sa Biosecurity

Kung mayroon kang isang maliit na kawan sa likod ng bahay o isang malaking komersyal na sakahan, pinakamahusay na gumagana ang biosecurity kapag sinusunod ng lahat ang iyong mga pamamaraan sa bawat araw, bawat oras. Nangangailangan ito ng isang programa sa pagsasanay upang matiyak na ang sinumang may ugnayan sa iyong kawan — mga empleyado, tauhan sa serbisyo, at mga bisita ay alam ang eksaktong kailangan nilang gawin.

Karaniwang nangyayari ang hindi magandang pagsunod kapag hindi alam o nauunawaan ng mga tao ang mga panuntunan sa biosecurity o kapag walang kahihinatnan sa pagpapabaya sa kanila. Sa pamamagitan ng pagsasanay, maaari mong baguhin ang kultura sa iyong pasilidad upang gawin ang pagsunod sa biosecurity na isang regular na kaugalian.

Kung may nakita ka o pinaghihinalaan na anumang di-pangkaraniwan, kaagad na tawagan ang tagapamahala ng iyong kawan, beterinaryo, o ekstensyon ng tanggapan ng iyong kooperatiba. Gamitin ang form na ito upang itala ang mga numero ng telepono ng mga kontak sa iyong lugar. Kung mas maaga ang iyong pagkilos, mas madaling mapipigilan ang sakit sa loob ng isang kawan

## Basahin ang listahan sa likod para sa mga tip upang makatulong na panatilihing malusog ang iyong mga kawan.



## I-ulat ang mga Ibong Maysakit

| Kung makakita ka ng mga palatandaan ng sakit, kumilos agad! | **Numero ng Telepono** |
|---|---|
| Beterinaryo | ______________ |
| Ekstensyon ng Tanggapan ng Kooperatiba | ______________ |
| Beterinaryo ng Estado / Diagnostic Lab ng Hayop o Manok | ______________ |
| USDA | 866.536.7593 |

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**

USDA

United States Department of Agriculture

# Checklist: Mga Tip sa Pagsasanay sa Biosecurity

Ang checklist na ito ay isang pangkalahatang gabay sa pagsasagawa ng mahusay na biosecurity, ngunit kung mayroon kang planong pang-biosecurity na partikular sa lugar, sundin ito. Dapat siguraduhin ng mga pangkomersyal na nagpapatubo na ang kanilang mga planong partikular sa lugar ay sumusunod sa mga prinsipyong pang-biosecurity ng National Poultry Improvement Plan.

- ☐ **Sanayin ang lahat ng mga may-ari, tagapag-alaga, at iba pang regular na pumapasok sa manukan** – bago sila pumasok sa unang pagkakataon. Para sa mga empleyado na hindi nagsasalita ng Ingles, tiyaking nag-aalok ka ng pagsasanay at karatula sa wikang naiintindihan nila.

- ☐ **Alamin ang limang pangunahing hakbang na ito!** Dapat maunawaan ng sinumang pumapasok sa isang biosecure na lugar kung paano:
  1. Makipag-ugnayan sa (mga) Coordinator ng Biosecurity;
  2. Igalang ang Perimeter Buffer Area (PBA), kabilang ang pagparada sa tamang lugar;
  3. Pumasok sa PBA gamit ang mga pamamaraan sa pagdating at pagpasok sa biosecure na lugar;
  4. Tumawid sa Linya ng Paghihiwalay (LOS) sa bawat pamamaraan ng pagpasok sa biosecure na lugar; at
  5. Magsagawa ng mga gawaing biosecurity na nakatalaga sa kanilang partikular na trabaho.

- ☐ **Laging isama ang mga pamamaraan na partikular sa lugar** sa iyong programa sa pagsasanay. Kung nais mo, maaari kang magdagdag ng anumang mga pamamaraan sa lugar o kumpanya.

- ☐ **Manatiling nauuna sa mga bisita.** Ipaalam sa mga kontratadong tauhan, tauhan sa serbisyo, kasangguni, at iba pang mga bisita ang tungkol sa iyong mga pamamaraan sa biosecurity bago sila makarating sa lugar. Maaari mong sabihin sa kanila nang maaga sa pamamagitan ng telepono o sa pagsulat.

- ☐ **Magbigay ng pagsasanay sa biosecurity taun-taon.** Itala lahat ng pagsasanay at ingatan ang mga talaan ng pagsasanay sa loob ng 3 taon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano pananatilihing malusog ang iyong mga kawan, sundan ang **Defend the Flock** sa **Facebook** at **Twitter** at bisitahin ang **www.aphis.usda.gov/animalhealth/defendtheflock.**

DEFEND THE FLOCK
BIOSECURITY
Let's keep our poultry healthy together

**Serbisyo na Inspeksyon sa Kalusugan ng Hayop at Halaman**
Tulong sa Programa Blg. 2235-9TL | Inilabas Oktubre 2019

Ang USDA ay isang tagapagkaloob ng pantay na pagkakataon, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram.